



## UI Online<sup>SM</sup>

### Magparehistro para sa UI Online<sup>SM</sup> at ma-certify para sa mga benepisyo sa Unemployment Insurance (UI) ngayon!

#### Kasindali lang ito ng 1, 2, 3.



Bisitahin ang home page ng UI Online<sup>SM</sup>:  
[www.edd.ca.gov/UI\\_Online](http://www.edd.ca.gov/UI_Online)



Gamitin ang iyong account number ng customer sa Departamento ng Pagpapaunlad ng Employment (EDD), Social Security number, petsa ng kapanganakan at personal na e-mail address upang magparehistro para sa isang UI Online<sup>SM</sup> account.



Mag-log in at simulang gamitin ang UI Online<sup>SM</sup> o UI Online Mobile<sup>SM</sup> upang ma-certify para sa mga benepisyo at marami pa.

#### UI Online<sup>SM</sup>

Isang **mabilis, madali at ligtas** na paraan ng pag-access sa detalyadong impormasyon sa paghahabol at pagbabayad, ma-certify para sa mga benepisyo at pamahalaan ang iyong paghahabol sa UI online nang 24/7.

### Bakit kailangang mag-sign up para sa UI Online<sup>SM</sup>?

- Available ang mahalagang impormasyon sa paghahabol sa UI nang 24/7. Mag-access ng impormasyon tungkol sa iyong paghahabol saan man gamit ang iyong computer, smartphone o tablet.
- Mas mabilis na pinoproseso ang mga **certification!** Sa average, mas mabilis na pinoproseso ang mga certification na isinumite sa pamamagitan ng UI Online<sup>SM</sup> kaysa sa pamamagitan ng papel o phone.
- Nakakatanggap ang mga naghahabol ng mas kaunting follow-up na tawag mula sa EDD. Gamit ang UI Online<sup>SM</sup>, kinukuha na kaagad ang mga impormasyon sa paglilinaw na nagbabawas sa pangangailangan para sa mga follow-up na tawag.
- Mabilis at madali lang i-update ang personal na impormasyon. Ang pag-a-update ng address sa pagpapadala, numero ng telepono at iba pang impormasyon ay simple lang at ligtas.
- Tingnan ang lahat ng nakaiskedyul na appointment at baguhin ang mga appointment ng panayam sa pamamagitan ng telepono.
- Makatipid ng pera sa postage at bawasan ang mga karaniwang error ng user na maaaring mag-antala sa mga pagbabayad sa benepisyo.



[www.edd.ca.gov/UI\\_Online](http://www.edd.ca.gov/UI_Online)

# Higit Pang Impormasyon tungkol sa UI Online<sup>SM</sup>

Dagdagan ang aking nalalaman tungkol sa UI Online<sup>SM</sup>.

Ang UI Online<sup>SM</sup> ay bahagi ng mga patuloy na pagsisikap ng EDD upang pahasayin ang kakayahan, paramihin ang access sa mga serbisyo ng UI at pabilisin ang mga pagbabayad sa benepisyo para sa mga walang trabahong manggagawa. Gamit ang UI Online<sup>SM</sup>, makakapagsagawa ka ng karaniwang gawain mula sa pagiging kumportable sa sarili mong bahay nang hindi na kailangang maghintay sa pagdating ng mail o makipag-usap sa isang kinatawan ng EDD.

Para sa higit pang ginhawa, available ang UI Online Mobile<sup>SM</sup> para sa mga user ng smartphone at tablet.

Pinapadali para sa iyo ng UI Online<sup>SM</sup> ang:

- Pag-certify para sa mga tuluy-tuloy na benepisyo at pag-ulat sa trabaho at mga sweldo.\*
- Pagkuha ng detalyadong impormasyon ng pagbabayad at paghahabol.
- Muling pagbukas ng kasalukuyang paghahabol upang ipagpatuloy ang mga pagbabayad sa benepisyo ng UI nang hindi na kinakailangang makipag-usap sa isang kinatawan.\*
- Pag-update ng impormasyon ng contact gaya ng numero ng iyong telepono at address, sa mabilis at madaling paraan online.

*\*Sa kasalukuyan, hindi ma-certify ang mga paghahabol ng Mga Customer sa Partial o Work Sharing para sa mga benepisyo o muling magbukas ng kasalukuyang paghahabol gamit ang UI Online<sup>SM</sup>, ngunit maaaring i-access ang lahat ng iba pang feature ng system.*

Maaari ka ring makakuha ng mabilis na snapshot ng iyong paghahabol mula sa home page ng iyong UI Online<sup>SM</sup>:

- Kumuha ng mahahalagang notification tulad na lang kapag oras na upang mag-certify para sa mga benepisyo o muling buksan ang iyong paghahabol.
- Tingnan ang lahat ng nakaiskedyul na appointment at magbago ng panayam sa pamamagitan ng telepono sa ibang petsa.
- Tingnan ang buod ng iyong paghahabol kabilang ang huling inisyung pagbabayad, natitirang balanse, halaga ng lingguhang benepisyo at mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho.

Ano ang account number ng customer sa EDD?

Labis na sineseryoso ng EDD ang seguridad ng kumpidensyal na impormasyon at patuloy na humahanap ng mga paraan upang higit pang maprotektahan ang personal na impormasyon ng mga customer. Bilang karagdagan sa mga pangangalagang binuo sa mga system ng EDD upang maiwasan at matukoy ang panlilinlang, ipinatupad ng EDD ang paggamit ng account number ng customer sa EDD. Maaaring gamitin ang numerong ito bilang iba pang numero ng pagkakakilanlan kapag nagsasagawa ng negosyo sa EDD ngunit hindi mapapalitan ang isang Social Security number (SSN) sa pagkakataong ito. Kinakailangang magparehistro para sa UI Online<sup>SM</sup>. Tandaan, huwag ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa sinuman, kabilang ang iyong account number ng customer sa EDD.

Paano kung mayroon na akong SDI Online account mula sa isang paghahabol sa Disability Insurance o Paid Family Leave?

Dapat mong gamitin ang iyong username at password sa SDI Online upang magparehistro para sa UI Online<sup>SM</sup>. Kapag nagpaparehistro para sa UI Online<sup>SM</sup>, pakipili ang button na "Register Using SDI Login" upang pabilisin ang proseso ng pagpaparehistro.

Magparehistro ngayon at i-enjoy ang maraming benepisyo at ginhawa ng UI Online<sup>SM</sup>.

Ang EDD ay isang equal opportunity employer/program (employer/programa para sa patas na oportunidad). Available sa mga indibidwal na may mga kapansanan ang karagdagang tulong at mga serbisyo kapag hiniling.

[www.edd.ca.gov/UI\\_Online](http://www.edd.ca.gov/UI_Online)